## Kabatiran sa Sona ng Paaralan

**MAGDAHAN-DAHAN SA MGA SONA NG PAARALAN**

- Sa loob ng 500 hanggang 1000 piye mula sa paaralan, magdahan-dahan
- Ang limitasyon ng tulin (speed limit) ay 25 milya kada oras maliban lang kung may nakapaskil
- Mag-ingat sa mga batang maaaring biglang mabilis na tumatakbo sa daan
- Huminto para sa mga tao na tumatawid
- Kung may guwardiyang nagbabantay sa tawiran, sundin ang kanilang mga utos
- Huminto para sa mga school bus sa paglabas ng kumikislap na pulang mga ilaw

**IWASAN ANG MGA ABALA**

- Panatilihing nakatuon ang inyong mga mata sa kalsada
- Panatilihin ang inyong mga kamay sa manibela -
- Kung kailangan ninyong asikasuhin ang isang bata, huminto at pumarada sa isang ligtas na lugar

**MGA KASANAYAN SA PAGBABA**

- Pumarada nang tama sa mga espasyong ukol na paradahan
- Ibaba ang mga bata sa mga lugar na tinukoy na pagbababaan
- Kapag ibababa ang mga bata, sabihan silang maghanda sa kanilang pagbababa
- Huwag huminto sa gitna ng bloke para ibaba ang mga bata. Ang gawing ito ay nagpapalaganap ng labag sa batas na kilos ng pagtawid sa daan.

SAN MATEO COUNTY OFFICE OF EDUCATION
Anne E. Campbell
County Superintendent of Schools

## Kontak na Impormasyon:


Tanggapan ng Edukasyon ng San Mateo County
101 Twin Dolphin Drive
Redwood City, CA 94065

Daina Lujan
Safe Routes to School Coordinator
650-802-5306
dlujan@smcoe.org

Marilyn Canadas
Administrative Assistant
650-802-5338
mcanadas@smcoe.org



*Information courtesy of the Redwood City Police Department, San Carlos Police Department, California Department of Motor Vehicles, Maine Safe Routes to School, and Sacramento County Transportation Department.

*Pictures courtesy of AAA Foundation for Traffic Safety.


## Mga Sanggunian

Walk and Bike to School
http://www.walkbiketoschool.org

National Center for Safe Routes to School
http://www.saferoutesinfo.org

Kids Health http://kidshealth.org

SAN MATEO COUNTY OFFICE OF EDUCATION
Anne E. Campbell • County Superintendent of Schools

# Ligtas na Paglalakad
# Mga Kaalamang Pantulong para sa mga Magulang
# (Safe Walking)



San Mateo County
SAFE ROUTES TO SCHOOL
Healthy Kids • Green Communities • Safe Journeys

# Ano ang SR2S?

Ang Tanggapan ng Edukasyon ng San Mateo County (San Mateo County Office of Education) ay malugod na nagkakaloob ng Safe Routes to School (SR2S) (Ligtas na mga Ruta sa Paaralan) sa San Mateo County. Ang SR2S ay isang programa sa buong bayan (county) na may kabuuang hangarin ng paghihikayat at pagkakaloob ng kakayahan sa mga batang nag-aaral sa paaralan na maglakad at magbisikleta sa paaralan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga proyekto at aktibidad upang mapagbuti ang kanilang kalusugan, kapakanan, at kaligtasan na nagbubunga ng kabawasan sa paninikip ng trapiko at emisyon na sanhi ng mga paglalakbay kaugnay sa paaralan.




## Maglakad nang Ligtas

**TUMINGIN AT MAKINIG**

Ipaalala sa inyong anak na:

- Maging listo at maalam
- Gamitin ang inyong mga mata at taynga upang tumulong sa inyo
- Iwasan ang mga abala

**MAKITA AT MAGPAKITA**

Kausapin ang inyong anak tungkol sa pagiging dapat magpakita :

- Marami sa mga drayber ang naaabala habang nagmamaneho
- Madaragdagan ang bisibilidad ng mga bata sa pamamagitan ng pagsusuot ng matitingkad o mapupusyaw na kulay na mga damit
- Kapag naglalakad kung takipsilim o sa gabi, dapat magdala ang mga bata ng lente (flashlight) at/o magsuot ng reflective wear
- Dapat maging maingat ang mga bata sa pagdaan sa mga daanan papasok sa bakuran o garahe

**LUMAKAD NANG LIGTAS**

Ilang gawi sa ligtas na paglalakad upang ipaalala sa inyong anak ang tungkol sa:

- Lumakad sa mga bangketa
- Sa mga lugar na walang mga bangketa, lumakad sa kaliwang bahagi ng kalsada, na nakaharap sa trapiko

**MAGSANAY**

Bago payagan ang inyong anak na maglakad nang sarili, narito ang ilang rekomendasyon:

- Magplano kasama ng inyong anak ng ligtas na ruta sa paglalakad
- Magsanay sa mga ruta at gawi ng ligtas na paglalakad
- Ituro ang mga tanda sa trapiko at kausapin ang inyong anak tungkol sa mga simbolo at salita

## Kaligtasan sa Tawiran (Crosswalk)

Ang Kodigo ng Sasakyan ng California (California Vehicle Code) ay ipinaliwanag ang kahulugan ng tawiran (crosswalk) bilang: "...ang bahagi sa kahabaan ng kalsada na nasa isang kanto na kumakatawan sa mga pagpapatuloy ng mga linya ng bangketa, o anumang bahagi ng kahabaan ng kalsada na malinaw na tumutukoy para sa mga tao na tumatawid."

**MABILISANG IMPORMASYON**

- Ang mga tawiran (crosswalk) ay maaaring may marka o walang marka
- Ang may markang mga tawiran ay maaaring higit na mapapansin ng mga naglalakad kaysa sa mga drayber – palaging mag-ingat kapag magsisimulang tumawid



Walk (Lumakad)



Don't Walk (Huwag

**MGA PAALALA TUNGKOL SA TAWIRAN (CROSSWALK) PARA SA MGA NAGLALAKAD**

- Kumilos na madaling mabatid ang ikikilos
- Tumingin sa mata ng mga drayber na naghihintay
- Tumingin sa kaliwa, kanan, at kaliwa uli bago pumasok sa anumang kalsada
- Mag-ingat sa mga kotse na maaaring lumiko
- Huwag tumawid sa kalsada sa pagitan ng mga nakaparadang sasakyan
- Sa mga tawiran (crosswalk) na may tanda ng trapiko
    - Ang salitang "WALK" (Lumakad) o isang larawan ng naglalakad na tao ay nangangahulugan na maaari nang magsimulang tumawid nang may pag-iingat ang mga taong may balak tumawid
    - Ang kumikislap na salitang "DON'T WALK" (HUWAG LUMAKAD) o larawan ng palad na nagpapahinto ay nangangahulugan na huli na upang magsimulang tumawid
    - Ang nakapirming salita na "DON'T WALK" (HUWAG LUMAKAD) o larawan ng palad na nagpapahinto ay nangangahulugan na hindi na dapat magsimulang lumakad sa tawiran ang mga taong may balak tumawid